

OPISYAL NA PAHAYAG

Marso 18, 2021

Kontak: Lungsod ng Long Beach, Pinagsamang Sentro ng Impormasyon,
562.570.NEWS (6397), jic@longbeach.gov

Para Sa Agarang Pahayag

Paghahanda Sa 2021 Linggo ng Tsunami: Planuhin ang Iyong Ruta sa Paglikas

Hinihimimok ang mga Residente na Maghanda Para sa mga Tsunami, Mag-sign up para sa mga Abiso sa Emerhensiya

Long Beach, CA -Kahit nasa gitna ng Covid-19 na pandemya, ang Lungsod ng Long Beach sa [Department of Disaster Preparedness and Emergency Communications](#) na hinihikayat ang mga residente na lumahok sa Linggo ng Preparasyon para sa Tsunami, mula Marso 22 hanggang 26, na may maraming mga birtwal na aktibidad upang turuan ang mga miyembro ng komunidad para sa isang tsunami at iba pang mga emerhensiya.

“Dapat maging pamilyar ang bawat isa at kanilang mga sarili sa mga palatandaan ng isang paparating na tsunami at malaman kung paano mabilis na lumipat sa mga ligtas na lugar o sona at mas mataas na lupa,” sinabi ni Alkalde Robert Garcia. “Lahat ng mga residente na nakatira, nagtatrabaho, o bumibisita sa aming baybayin ay hinihikayat na lumahok sa mga aktibidad sa Linggo ng Paghahanda sa Tsunami kasama ang kanilang mga pamilya.”

Ang mga tsunami, hindi katulad ng mga lindol, ay mga nakaka-trigger na kaganapan na nagbibigay ng babala bago ito mag-aklas. Ang paglitaw ng isang malayo o malapit na mapagkukunan ng lindol ay isa sa mga unang natural na palatandaan ng babala ng isang posibleng tsunami. Ang isang malakas na dagundong at ang pag-urong ng tubig sa karagatan ay karagdagang mga palatandaan ng babala. Habang naglalakbay ang isang tsunami mula sa malalim na karagatan at umabot sa mababaw na mga lugar sa baybayin, gumagawa tio ng isang epektong nanghihigop at isang malakas na dagundong habang sinisipsip nito ang mga tubig sa baybayin, na inilalantad ang sahig ng karagatan.

“Kapag ang isang tsunami ay nalalapit na, ang mga residente ay karaniwang maaaring mabawasan ang posibilidad na pinsala sa pamamagitan ng mabilis na paglipat sa mas mataas na lupa o mataas na lupain,” sinabi ni Reggie Harrison, Direktor para sa Paghahanda sa Sakuna at Komunikasyon sa Emerhensiya. “Ang mga tsunami ay talagang isang serye ng mga alon, at ang unang alon ay maaaring hindi ang pinakamalaki, ito ang pagkakataon ng mga residente na lumikas ng mabilis sa mas mataas na lugar sa pamamagitan ng kahit na anong paraan maliban ang mga kotse upang maiwasan ang pagsisikip ng daanan.”

Upang lumahok sa Linggo ng Paghahanda para sa Tsunami, hinihikayat ang mga residente na :

- **Maging Alerto** - Mag-sayn-up sa Alert Long Beach, ang sistemang pagbabala para sa emerhensiya ng Lungsod sa alertlongbeach.com. Ang mga residenteng naninirahan sa mga lugar na binabaha o lumulubog sa tubig ay makakatanggap ng pagsubok na babala para sa Linggo ng Paghahanda para sa Tsunami
- **Magkaroon ng Kaalaman** - Basahin ang gabay sa Paghahanda Para sa Tsunami, na may kasamang ruta ng paglikas, abeylabol ito sa web page ng departamento sa [English](#) at [Spanish](#). Ang mga residente ay maaaring magsanay ng kanilang paglilikas at ruta para sa tsunami kung paano pumunta sa matataas na lugar sa kani-kanilang mga pamilya na sumusunod sa alituntunin [COVID-19 Health Orders](#).
- **Sanayin ang Inyong Plano** - Sanayin ang planong emerhensiyang pampamilya at alamin ang batayan ng pamamaraang medikal na pang-emerhensiya
- **Maghanda ng go-bag** - Ang mga residente ay dapat mayroong handang go-bag kung ang paglikas ay kinakailangan. Ang bag na kinakailangan ay dapat na may nilalaman na mga mahahalagang bagay para sa indibidwal na pangangailangan para maging ligtas at komportable ang paglikas kung kinakailangan at sapat para sa hanggang limang araw.
- **Ibahagi ang Balita** - Ang mga residente ay hinihikayat na ibahagi ang kahandaan sa tsunami na naglalaman ng edukasyon para sa paghahanda sa tsunami at ito ay ipapahayag sa mga channel ng sosyal midia ng departamento at sa [@lbdisasterprep](#).

Ang Kagawaran ng Paghahanda sa Sakuna ay magsasagawa rin ng isang bertwal na pagtatagubilin kasama ang mga kasosyo sa pamayanan kabilang ang The Red Cross,

Long Beach Transit, at lokal na mga ospital at mga eskwelahan, upang talakayin ang tsunami at iba pang mga paghahanda at mga plano.

Ang California Geological Survey (CGS) ay nagpahayag na ipamahagi ang update na mga mapa ng lugar o sona na binabaha o lumulubog sa mga baybayin ng California sa linggo ng tsunami. Ipinahihiwatig nila na ang mga pagbabago sa [current Long Beach map](#) ay minimal. Ang mga na update na mga mapa ay maaaring ma download sa CGS o sa website ng Lungsod ng Long Beach kapag ito ay naging abeylabol na. Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa tsunami at iba pang mga paghahanda patungkol sa mga sakuna ay maaaring matagpuan sa longbeach.gov/DisasterPreparedness.

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, nagwagi ng maraming mga premyo ay ang makabagong Lungsod ng Long Beach na nag--aalok ng lahat ng mga amenities na katulad ng isang malaking lungsod habanag pinapanatili ang isang malakas na may katuturan ng indibidwal at magkakaibang kaptibahayan na nagtatampok ng magkasama sa baybayin ng California. Bilang isang may serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of The Pacific, maraming mga museo at sinehan, mga distrito ng mga lubhang mataas na estado na mga paaralan, Long Beach Airport, at ang Port of Long Beach. Ang Lungsod ay mayroon ding respetadong mga unibersidad at kolehiyo, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf courses, 171 daang parke, milya-milyang dalampasigan, marinas, at mga daanan ng bisikleta.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bisitahin ang <http://longbeach.gov/>. Sundan kami sa sosyal media para sa mga bagong balita: [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#) at [YouTube](#).

Tungkol sa Paghahanda sa sakuna at Komunikasyon sa Emerhensiya

Ang misyon ng Departamento ng Sakuna at Paghahanda at Emerhensiya at mga Komunikasyon ay para protektahan ang mga buhay at pag-aari ng komunidad at mga unang tagatugon sa pamamagitan ng komprehensibong pagpapalano, pagsasanay at komunikasyon upang matiyak na ang pang araw-araw na mga kahilingan para sa mga serbisyong pang-emerhensiya, pati na rin ang paghahanda, pagtugon, at paggaling

mula sa pangunahing mga emerhensiya at sakuna ay nakikipagkompetensya sa isang mabisa at mahusay na pamamaraan.

Upang manatili sa balita at impormasyon tungkol sa paghahanda sa sakuna , sundan kami sa Twitter sa [@LongBeachReady](#) at Instagram sa [@longbeachdprep](#) o “Like” us sa Facebook at [@LongBeachDisasterPreparedness](#).

###